DepEd Advisory No. 168, s. 2014
April 11, 2014
In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
this Advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit www.deped.gov.ph.)

LAKBAY-TURO 2014: SEMINAR-WORKSYAP SA FILIPINO AT ARALING PANLIPUNAN NG SANGGUNIAN SA FILIPINO (SANGFIL)

Ang Sanggunian sa Filipino (SANGFIL), na binubuo ng Departamento ng Filipino ng iba't ibang kolehiyo't unibersidad sa pagtataguyod ng Komisyon ng Lalong Mataas na Edukasyon ay magdaraos ng *Lakbay-turo 2014: Seminar-Worksyap* na may paksang *Ang Bagong Kurikulum sa Filipino at Araling Panlipunan: Mga Estratehiya at Paghahanda ng Kagamitang Panturo* na gaganapin sa ika-8 ng Mayo 2014 sa De Venecia Hall, Isabela State University, Echague, Isabela.

Layunin ng *seminar-worksyap* na ito ay ang mga sumusunod:

1. makapaglatag ng mga *lesson exemplar* sa integrasyon ng kultura kaugnay ng pagtuturo sa batayang edukasyon at kolehiyo;
2. makapagmungkahi ng mga bagong estratehiya sa pagtuturo kaugnay ng mga pagbabago sa kurikulum ng elementarya at sekundarya; at
3. magpakilala ng mga bagong konsepto at kalakaran sa paghahanda at pagpapalimbag ng mga pananaliksik sa iba't ibang disiplina at pagtuturo.

Ang mga inaasahang dadalo ay mga tagapangulo at miyembro ng kaguruan sa Filipino mula sa mga pampubliko at pribadong paaralan.

Para sa karagdagang kaalaman, maaaring makipag-ugnayan alinman sa mga sumusunod:

Prof. Rodel Guzman
Direktor ng *Seminar-Workshop*
Sanggunian sa Filipino (SANGFIL)
Isabela State University (ISU)
Echague, Isabela
Mobile Phone Blg.: 0905-947-5987
Email Address: guzmanrodel@yahoo.com.ph

Dr. Jane K. Lartec
Katuwang na Direktor ng *Seminar-Workshop*
SANGFIL
Mobile Phone No.: 0919-247-0035
Email Address: enaj2911@yahoo.com.

Alma/DA lakbay-turo
0289-April 10, 2014